



## MGA KARAPATAN MO SA APELA

Sa Lanterman Act

### Paunawa ng Aksyon (NOA)

Kailangan kang padalhan ng regional center ng NOA kapag gumawa sila ng desisyon nang wala ang iyong nakasulat na pagsang-ayon.

#### Kailangang Ipaalam sa Iyo ng NOA



Ang desisyon ng regional center.  
Ang petsa kung kailan mangyayari ang desisyon.  
Ang dahilan ng desisyon.  
Ang mga katotohanan at batas na sumusuporta sa desisyon.

Ang NOA ay kailangang nasa simpleng wika at nasa mas gusto mong wika.

### Kailan Mo Makukuha ang NOA

**30**  
Araw

**Bago Gawin ng Regional Center ang**  
Pagtigil o pagbabago sa iyong mga serbisyo o pagwawakas ng iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center.

**5**  
Araw

**Pagkatapos Gawin ng Regional Center ang**  
Pagtangi sa serbisyong ninanais mo o pagpapasya na hindi ka karapat-dapat na maging tagakonsumo ng regional center.

### Maaari Kang Umapela

Kung ikaw at ang regional center ay hindi nagkakasundo, maaari mong iapela ang desisyon. May tatlong bahagi ang proseso ng apela.

1. **Hindi Pormal na Pagpupulong**
2. **Mediation o Pamamagitan**
3. **Pagdinig**

Pipiliin mo ang bahagi ng proseso ng apela na gusto mong gamitin.

### May Mga Karapatan Ka sa Panahon ng Apela



Mabigyan ng interpreter



Ma-access ang iyong mga rekord sa regional center



Makakuha ng tulong sa panahon ng apela



Humiling ng mediator (tagapamagitan) o opisyal ng pagdinig



Hindi maaaring gumamit ng abogado ang regional center maliban kung gagamit ka nito

### Ang Iyong mga Karapatan sa Pagdinig



Magbigay ng mga nakasulat na dokumento bilang katibayan



Magpatestigo sa mga saksi



Magtanong sa mga saksi ng regional center

### Paano Umapela

Ipadala ang iyong apela sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services).

### Kailan Mag-aapela

Kailangang ihain ang iyong apela bago lumampas ng mga itinakdang petsa.



### Upang Mapanatili ang mga Kasalukuyang Serbisyo

Maghain 30 araw pagkatapos mong matanggap ang Paunawa ng Aksyon at bago ang petsa na sinasabing magwawakas ang mga serbisyo.



### Lahat ng Iba Pang Apela

Maghain sa loob ng 60 araw mula nang makuha ang Paunawa ng Aksyon.

### Saan Hihingi ng Tulong

Tanggapan ng Ombudsperson  
(877) 658-9731  
Ombudsperson@dds.ca.gov

Client's Rights Advocate (Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng Kliyente)  
Northern California  
(800) 390-7032

Southern California  
(866) 833-6712

Family Resource Center (Tanggapan para sa Mapagkukunan ng Pamilya)  
<https://frcnca.org/get-connected/>



Follow the QR Code For More Information